# {Naliligo noon ako at ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) mula sa iisang lagayan ng tubig habang kapwa kami junub. Nag-uutos siya sa akin na magtapis ako saka kumakarinyo siya sa akin habang ako ay nagreregla

Ayon kay `Ā'ishah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Naliligo noon ako at ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) mula sa iisang lagayan ng tubig habang kapwa kami junub. Nag-uutos siya sa akin na magtapis ako saka kumakarinyo siya sa akin habang ako ay nagreregla. Naglalabas siya noon ng ulo niya patungo sa akin habang siya ay nagsasagawa ng i`tikāf saka naghuhugas naman ako nito samantalang ako ay nireregla.}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid si `Ā'ishah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) tungkol sa ilan sa mga natatanging kalagayan niya kasama ng Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan). Kabilang doon na siya ay naliligo noon dahil sa janābah kasama nito (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) mula sa iisang lagyan ng tubig saka kumukuha silang dalawa mula rito ng tubig nang magkasama. Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nagnais na makipagniig sa kanya habang siya ay nagreregla, ay nag-uutos sa kanya na magtakip ng katawan niya mula sa pusod hanggang sa tuhod saka kumakarinyo ito sa kanya nang walang pagtatalik. Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasagawa noon ng i`tikāf sa masjid saka naglalabas ng ulo niya papunta kay `Ā'ishah saka naghuhugas nito habang siya ay nireregla sa bahay niya.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee